# Balitang Manmin

BILANG 87 HULYO 7, 2013

# “Pinapurihan si Yeshua”

## Nagdaos ang Crystal Forum ng Pagdiriwang sa Pamamagitan ng Musika 2013



Narinig ang tinig ng Panginoon sa mga papuring puno ng emosyon sa tabing Dagat ng Galilea sa Israel, kung saan ipinanganak si Jesus. Napanood ng buong mundo ang pagdiriwang sa TV na dinaluhan ng may 1,700 tao. (Kaliwa sa itaas, Lider ng papuri na si Rose Han; kanan, Glory Worship Team)

Noong Mayo 17, 2013, nagdaos ang Crystal Forum, samahan ng mga pastor ng Israel, ng Crystal Music Festival. Ito ay isang pagdiriwang sa pamamagitan ng musika. Ginawa ito sa isang entablado na itinayo sa tabing Dagat ng Galilea. Ipinahayag nito na buhay ang Paginoon.

Dumalo ang may 1,700 tao mula sa Estados Unidos, Russia, Belarus, Germany, Switzerland, at Israel. Ito ay sinabayan ng pagbobrodcast ng TBN Rusya sa buong mundo. Matapang nilang pinapurihan ang pangalan ng Panginoong Jesus sa pampublikong lugar. Ipinapakita nito na maimpluwensya at makapangyarihan na ang Crystal Forum sa Israel pagkatapos ng tatlong taong pagmiministeryo ni Dr. Lee.

Kakaunti ang mga Cristiano sa Israel, karamihan ng tao dito ay naninindigan sa Hudaismo. Pinaniniwalaan nilang may iisang Diyos. Mayroong kalayaan ng relihiyon dito, pero ayaw ng mga Judio ng Cristianismo. Kaya noon, hindi tinatanggap ng lipunan ang mga naniniwala sa Panginoong Jesu-Cristo. Nagdusa rin ang mga Cristianong pastor sa pag-uusig at kahirapan sa pinansyal na pangangailangan.

Mula 2007-2009, sa labindalawang pagbisita ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee sa Israel sa loob ng tatlong taon, ipinangaral niya ang ebanghelyo ng kabanalan at nagpakita siya ng mga makapangyarihang mga gawa na nagpatunay ng mga ipinangaral niya. Dahil nakita nila ang kapangyarihan ni Dr. Lee, naunawaan ng mga pastor dito ang kalooban ng Diyos para sa Israel. Itinatag nila ang Crystal Forum noong 2008. Ginising ng organisasyong ito ang mga espiritu ng mga tao dito.

Noong Setyembre 2009, nagdaos sila dito ng krusada ng pagkakaisa na pinangunahan ni Dr. Jaerock Lee. Ipinahayag niya na si Jesus ang ating Tanging Tagapagligtas. Napanood ito ng may 220 mga bansa.

Magmula noon, nagsasagawa na ang Crystal Forum ng mga makabagong paraan ng pagmiministeryo – mga seminar para sa mga mag-asawa, para sa mga kabataan, at mga tugtugan at kantahan. Ang mga iglesya ay nagkaroon ng panibagong sigla dahil nagkaroon ng pagsisisi at pagpapagaling sa pamamagitan ng makapangyarihang panyo na pinanalanginan ni Dr. Lee (Ang Mga Gawa 19:11-12). Lumago ang pananampalataya nila sa pakikinig ng mga sermon ni Dr. Lee araw-araw sa TBN



Russia, CNL, Holy God TV, Rodnoy TV, at internet.

Ang pagdiriwang sa pamamagitan ng musika ng Crystal Forum ay binuo ng iba't ibang tao na nakibahagi bilang mga lider ng papuri. Sila ay nagmula sa Ashdod, Haifa, Nazareth, at Tel Aviv; nakibahagi din ang grupo ng papuri ng Africa; Oxamita ng Ukraine; at mga kilalang mang-aawit ng papuri na sina Gerasim at Valely Korov na taga-Rusya; at si Alexander Patlis na siyang lider ng ‘New Jerusalem’, ang kilalang grupo ng papuri mula sa Belarus.

Nahilingang makibahagi sa pagdiriwang ang bise-presidente ng Komite ng Sining ng Manmin Central Church at lider ng papuri na si Rose Han pati na ang Glory Worship Dance Team. Pinalakpakan ang pambungad at pangwakas na pagtatanghal nila. Pinuri at natuwa ang napakaraming manonood sa pagtatanghal na ipinakita nila. Sinabi nilang ang grupo ng Manmin ang pinakamagaling. Pinuri din ng mga manonood ang lider nila na si Rose Han dahil sa tamang pagbigkas niya ng salitang Hebreo at Ruso. Sinabi pa ng iba, “Parang nakita ko ang Langit sa napakagandang kasuotan at props na ginamit nila.” Ang okasyong ito ay ‘independent programming’ (sarling produksyon, hindi pag-aari ng istasyon) at ipinalabas sa TBN Russia.

Sinabi ng tagapanguna ng okasyon na lubos silang nasisiyahan na magpuri sa Panginoong Jesus sa tabing Dagat ng Galilea kasama ng napakaraming tao. Sinabi pa nila na bunga ito ng ministeryo ni Dr. Lee sa Israel.

# Ang Pag-ibig ay Natutuwa sa Katotohanan

"[Ang pag-ibig ay] hindi natutuwa sa masamang gawa, kundi natutuwa sa katotohanan." (1 Mga Taga-Corinto 13:6)



Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

Kung mahal natin ang Diyos, hindi tayo gagawa ng masama, kundi puro kabutihan lang. Higit pa riyan, matutuwa tayo sa katotohanan. Ang pag-ibig ay aktibong pagpapakita ng kagalakan sa katotohanan.

Mababasa sa Juan 14:6, "Sinabi sa kanya ni Jesus, 'Ako ang daan, ang katotohanan, at ang buhay. Sinuman ay hindi makakarating sa Ama kundi sa pamamagitan Ko.'" Sinabi ng talata, ang katotohanan ay si Jesu-Cristo. Ito ang ebanghelyo at ang Salita ng Diyos na nakasulat sa 66 na aklat ng Biblia.

Kung mahal natin ang Diyos at tumatanggap tayo ng pagmamahal Niya, wala tayong magagawa kundi magalak kay Jesu-Cristo at sa gawain ng ebanghelyo na nagiging daan para maabot natin ang kaharian ng Diyos. Ano ang itinutukoy sa 'natutuwa sa katotohanan'?

### 1. Matuwa sa katotohanan

#### 1) Ito ay matuwa sa 'ebanghelyo'

Ang 'ebanghelyo' ay 'mabuting balita', ito ay – naligtas tayo sa pamamagitan ni Jesu-Cristo at pupunta tayo sa kaharian sa langit. Sa loob ng mahabang panahon at sa lahat ng mga bansa, maraming tao ang naghahanap ng katotohanan. 'Ano ba ang layon ng buhay? Ano ang mahalaga sa buhay?' Para masagot ang mga katanungan nila, nag-aral sila ng pilosopiya at mga ideya, o kaya, sinikap nilang magkaroon ng kasagutan sa relihiyon. Pero walang makakasagot ng totoo at makakapasok sa Langit kundi kay Jesu-Cristo lang dahil Siya mismo ang katotohanan.

Narinig natin ang ebanghelyo, tinanggap si Jesu-Cristo, naligtas, at nagkaroon ng buhay na walang hanggan. Kapag napatawad na tayo sa mga kasalanan natin sa pamamagitan ng dugo ng Panginoon, at ang kinabukasan natin ay nalipat sa Langit sa halip na sa Impiyerno, mauunawaan na natin ang kahulugan ng buhay at pwede nang magkaroon ng buhay na makabuluhan. Kaya maaari na nating ikatuwa ang ebanghelyo.

Ang mga natutuwa sa ebanghelyo ay magsisipag para ibalita ito sa ibang tao. Tutuparin nila ang tungkuling ibinigay sa kanila ng Diyos at magiging tapat sa pangangaral nito. Sinasabi sa 1 Kay Timoteo 2:4, "[Ang Diyos] na nagnanais na ang lahat ng tao ay maligtas at makarating sa pagkakilala ng katotohanan." dahil batid ninyo na kalooban ito ng Diyos, natutuwa kayo kapag naririnig ng mga tao ang ebanghelyo at maraming naliligtas na mga kaluluwa dahil tinanggap nila ang Panginoon.

Pero may mga taong naiinggit sa iba kapag nangangaral ang mga ito ng ebanghelyo at nagkakaroon ng maraming bunga. May mga iglesyang nagseselos sa ibang iglesya kapag lumalago ito at niluluwalhati ang Diyos. Hindi masasabing 'natutuwa sila sa katotohanan.'

Kung mayroong espirituwal na pag-ibig ang puso natin, matutuwa tayo kapag nakikita natin na malaki ang natutupad para sa kaharian ng Diyos. At magagalak tayo kapag nakikita nating tapat ang isang tao at mas mabunga kaysa sa atin, iniisip nating bunga na rin natin ito. Makikisaya tayo kapag nakita nating lumalago ang isang iglesya at minamahal ito ng Diyos. Ito ang pusong natutuwa sa ebanghelyo, nagmumula ito sa espirituwal na pag-ibig.

#### 2) Nangangahulugan itong natutuwa sa lahat ng bagay na mula sa katotohanan

Ito ay natutuwa kapag nakakakita, nakakarinig, at gumagawa ng mga bagay mula sa katotohanan, tulad ng kabutihan, pag-ibig, at katarungan. Naaantig ang damdamin ng mga natutuwa sa katotohanan sa maliliit na bagay na mabuti. Higit pa riyan, dahil ang Salita ng Diyos ay katotohanan, pinapatotohanan nila na mas matamis pa ito kaysa pulot. Kaya palagi silang nasisiyahan sa pakikinig ng mga sermon at pagbabasa ng Biblia. At masaya sila sa pagsasabuhay ng Salita ng Diyos.

Halimbawa, sinasabi ng Salita ng Diyos, "Maglingkod, umunawa, at magpatawad," masaya nilang gagawin ito. Ayaw ng mga sumusunod sa mga salitang ito ng galit, inggit, selos, panghuhusga, at paghatol. Kaya ang mga natutuwa sa katotohanan ay matutuwa kung nakakaangat sa buhay ang ibang tao. Hindi sila naiinggit. Hindi nila iisipin, "May mangyari sanang masama sa kanya," hindi sila matutuwa kung nalulungkot ang ibang tao.

Kapag may nakikita silang nangyayaring masama, nalulungkot sila. At ang mga natutuwa sa katotohanan ay nagmamahal sa kabutihan, tulad ng matatag na kalooban, katotohanan, at karangalan. Natutuwa sila sa mabubuting salita at mga gawa.

Dahil nakikita ito ng Diyos sa mga anak Niya, magagalak Siya. Sinasabi ng Sefanias 3:17, "Ang PANGINOON mong Diyos ay nasa gitna mo, isang mandirigma na magbibigay ng tagumpay; Siya'y magagalak sa iyo na may kagalakan; Siya'y tatahimik sa Kanyang pag-ibig; Siya'y magagalak sa iyo na may malakas na awitan."

Mayroon ba sa inyong pinanghihinaan ng loob dahil iniisip ninyo na hindi kayo totoong lubos na natutuwa sa katotohanan? Suriin ninyo ang sarili ninyo, pero huwag kayong mabigo. Kung magsisikap kayo, titingnan ng Diyos na ang pag-ibig na ito ay pagsasaya sa katotohanan.

#### 3) Sinasabi nito na paniwalaan ang Salita ng Diyos at sikaping isabuhay ito

Mahirap makakita ng taong matutuwa sa katotohanan mula sa simula. Habang nasa kadiliman at kasamaan tayo, makakaisip tayo ng masasamang bagay o matutuwa tayo sa kasamaan. Magiging lubos lang ang katuwaan natin kung magbabago tayo sa pamamagitan ng pag-aaral ng Salita ng Diyos at pananalangin. Iwaksi din natin ang masamang kalooban. Dapat maging lubos ang pagsisikap natin.

Halimbawa, hindi lahat ng Cristiano ay magsasabi, "Naku masayang-masaya ako sa pagdalo sa pagsamba!" Habang ang mga bagong mananampalataya naman o mga mahina ang pananampalataya ay maaaring pagod o may ibang iniisip. Pero ang pagpunta sa pagsamba ay pagpapakita ng pagsisikap na sundin ang Salita ng Diyos at ng tuwa sa kabutihan. Bakit nila ginagawa ito? Para maligtas sila at makapunta sa Langit.

Narinig natin ang salita ng katotohanan at nagtiwala tayo sa Diyos. Naniniwala tayo na mayroong paghatol, at may Langit at Impiyerno. Batid din natin na magkakaiba ang gantimpalang tatanggapin ng bawat isa. Ito ang dahilan kung bakit sinisikap natin na mapabanal at maglingkod ng tapat sa buong sambahayan ng Diyos. Kahit hindi pa 100% ang tuwa ninyo sa katotohanan, kung magsisikap kayo ayon sa sukat ng pananampalataya ninyo, ipinapakita na ninyong natutuwa kayo sa katotohanan.

### 2. Ibinibigay ang biyaya kapag nagugutom at nauuhaw tayo sa katotohanan

Hindi natutuwa ang mga anak ng Diyos sa masama pero natutuwa sila sa katotohanan. Ang dahilan nito ay sapagkat ang katotohanan lang ang may kamangha-manghang kapangyarihan na baguhin ang lahat ng bagay sa atin at gawin itong kagiliw-giliw.

Kung makikinig tayo sa ebanghelyo – ang katotohanan, at mabubuhay ayon dito, magbabago tayo at magiging perpektong mga anak ng Diyos. Ang mga mukha natin ay magliliwanag dahil sa kagalakan dahil puno tayo ng pag-asa para sa Langit at sa espirituwal na pag-ibig. Habang binabago tayo ng katotohanan, lumalaki din ang pag-ibig na matatanggap natin mula sa Diyos at sa ibang tao. Kaya mas magiging masaya ang buhay natin.

Dapat tayong matuwa sa katotohanan. Higit pa riyan, Dapat magutom at mauhaw tayo dito. Kung nagugutom at nauuhaw ang pisikal na katawan natin, siyempre, iinom at kakain tayo. Kapag naghahangad tayo ng katotohanan, ganito rin ang gagawin natin, para mabilis tayong magbago sa pagiging mga taong natutuwa sa katotohanan. Isabuhay natin ang 'pagkain at pag-inom' ng katotohanan.

Ang 'kumain at uminom' ng katotohanan ay ang pagpapanatili ng Salita ng Diyos sa puso ninyo at ang pagsasabuhay nito. Ang Salita ng Diyos, na mismong ang katotohanan, ay nagsisilbing sagot sa mga mahihirap na problema sa buhay natin, ang paraan para magkaroon ng mga biyaya, at ang daan sa kaligtasan at buhay na walang hanggan. Kaya kung isinasabuhay natin ito, magkakaroon tayo ng mga biyaya.

Mga kapatid, kung mahal talaga ninyo ang Diyos, makikita ito. Ibig sabihin, magiging masaya tayo kung makakakita at makakarinig tayo ng isang bagay tungkol sa katotohanan. Sasabihin sa atin ng ibang tao, "Mukhang masaya ka." Maiiyak tayo kung iisipin natin ang Diyos at ang Panginoon, at maaantig ang damdamin natin sa maliliit na bagay na ginagawa dahil sa kabutihan.

Ang mga luha na nagmula sa kabutihan, tulad ng pagpapasalamat at pakikiramay sa ibang kaluluwa ay magiging mga hiyas na magpapaganda ng tahanan natin sa Langit. Idinadalangin ko sa pangalan ng Panginoon na kapag natuwa kayo sa katotohanan, aapaw sa buhay ninyo ang mga katibayan na minamahal kayo ng Diyos.

## Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng "The Apostles' Creed" o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

"Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito." (Ang Mga Gawa 17: 25)

"Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas." (Ang Mga Gawa 4: 12)

Tagalog
Balitang Manmin
Inilathala ng Manmin Central Church
Address: 235-3, Guro-Dong3, Guro-Gu, Seoul, Korea (152-848)
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: http://www.manmin.org/english / www.manminnews.com
Email: manminministry@gmail.com
Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin

# Gaano Na Ba Ako Kabuti?

Ang Diyos ay liwanag at walang kadiliman sa Kanya. Gusto rin Niyang manahan ang mga anak Niya sa liwanag. Ang dahilan nito ay sapagkat maaari din tayong magkaroon ng espirituwal na kapangyarihan na pawiin ang kadiliman. Iibigin tayo at bibiyayaan ng Diyos kung iwawaksi natin ang mga kasalanan natin at magpapakabuti. Sa pamamagitan ng pagninilay sa mga sumusunod na katanungan, maaari ninyong suriin kung gaano na kayo kabuti at kung nananahan na kayo sa Liwanag.

T

"Bihasa ba akong nagbibigay o tumatanggap?"

Mababasa sa Ang Mga Gawa 20:35, "...alalahanin ang mga salita ng Panginoong Jesus, na Siya mismo ang nagsabi, 'Higit na mapalad ang magbigay kaysa tumanggap.'" Kalakip ng mga bagay na 'ibinibigay' o 'tinatanggap' natin ang lahat ng tapat na gawain na nangangailangan ng oras, pagpupursigi at pera.

Ipagpalagay nating maraming tao ang gustong makatanggap ng pinansyal na tulong mula sa iglesya. Mayroon sa kanilang masipag sa pagpapabuti ng pamamahala ng buhay Cristiano nila, palaging nagpapasalamat, naglilingkod, at tumutulong sa mga nangangailangan para mabayaran ang pagpapalang tinanggap. Sa kabilang banda, may mga nagpapakita ng pagpapasalamat, pero hindi sila nagpapakita ng kabutihan sa mga pinakinabangan nila. Alam nilang mabuti ang pagtulong sa mahihirap pero hinihintay nila na gawin ito ng ibang tao. May mga tapat sa paglilingkod at nagboboluntaryo na bayaran ang pagpapalang tinanggap, pero humihinto sila sa kalagitnaan. Nakakalimutan pa nila ang hangaring makabayad sa pagpapala mula sa ibang tao kapag walang pinagkasunduan tungkol dito.

Tingnan pa natin ang isa pang halimbawa; nagpupulong ang isang grupo. May mga dumadating ng maaga, naghahanda sila bago dumating ang iba para maging maayos ang pulong. Masipag sila sa preparasyon. Kung sakaling hindi sila makakapunta ng maaga, nahihiya sila. Sinisikap nilang hindi na ito maulit. Ang iba naman ay nakaugalian ng mahuli sa mga pulong. Kahit dumating pa sila sa oras, naghihintay sila na matapos ang mga preparasyon ng iba. Nasanay na silang makinabang sa paglilingkod ng ibang tao.

May isa pang halimbawa: May ilan sa inyong nasisiyahan sa pagtulong sa mahihirap at magbigay ng mga regalo. Gusto ninyong magsilbi kahit hindi naman kinakailangan. Gayon pa man, kung hindi kayo napasalamatan, iisipin ninyong hindi marunong ang mga taong tinulungan o maaaring isipin ninyong mayabang ang mga ito at walang galang. Kung ganito kayo, ipinapakitang may presyo ang paglilingkod ninyo. Hindi ito 'mabuting gawa' para sa Diyos.

Ang kabutihan o ang espirituwal na kalooban na kinikilala ng Diyos ay nagbibigay ng mga nais ng ibang tao. Ito ay pagbibigay ng aliw sa puso nila. Hindi humihinto ang Diyos sa pagbigay kahit nagbigay na Siya, nais niyang ibigay ang pinakamabuting bagay nang paulit-ulit sa atin. Dapat din tayong masiyahan sa pagbibigay kaysa pagtanggap, katulad ng Diyos. Huwag nating isiping, 'Napagsilbihan ko na siya minsan, sapat na iyon.'

T

"Nauunawaan ko ba ang ibang tao at inilalagay ko ba ang sarili ko sa lugar nila?"

Maraming Cristiano ang humihiling sa Diyos na payagan silang magkaroon ng kabutihan tulad ng paglilingkod at pagsasakripisyo. Pero, sa totoo lang, hindi nila inuunawa o tinatanggap ang taong hindi nila kasundo o hindi nila mapapakinabangan.

Halimbawa, may isang lingkod ng iglesya na kasama ninyong nagtatrabaho, pero sa kalagitnaan ng ginagawa ninyo, uuwi siya. Ngayon, kung nauunawaan ninyo, iisipin ninyong baka may mahalaga siyang dahilan, hindi kayo mababahala. Magtatrabaho na lang kayo ng masigasig para matapos ng maayos ang trabaho.

Pero may magsasabing, "Abala din ako at marami ring kailangang tapusin. Hindi ba, pinlano na ito? Kailangan ba talagang umalis na siya?" O kaya naman, huhusgahan nila ang taong ito na makasarili. O kaya iisip sila ng paraan para makipagpalit sa kanya ng oras ng pagtatrabaho para makabayad ito sa hindi niya pagpasok. Kung ganito ang takbo ng isip nila, hindi pwedeng ihandog sa Diyos ang boluntaryong pagtatrabaho nila dahil wala dito ang samyo ng kabutihan. Nangyayari ito dahil hindi nila pinapangalagaan ang salita ng kabutihan sa puso nila, naiipon lang ito bilang kaalaman.

Kung gagamitin ninyo ang pamantayan ng kabutihan sa ibang tao at hindi sa sarili ninyo, baka akalain ninyong mabuti kayo at matuwid. Baka iniisip ninyo na nagiging mabuti kayo dahil naglalaan kayo ng oras para sa kaharian ng Diyos kahit marami kayong ginagawa. Pero, paano kung napagsabihan kayo dahil uuwi kayo sa gitna ng trabaho? Marahil, masasaktan ang damdamin ninyo, iisipin ninyong, 'Kailangan bang sabihin niya iyon? Nahihiya na nga ako dahil uuwi ako ng maaga. Dapat magpasalamat siya sa akin dahil kanina pa ako nagtatrabaho.' Magagalit pa kayo, iisiping kayo ang tama.

Kapag iisipin natin ang sariling pananaw at pakinabang, hindi natin makakamit ang espirituwal na kabutihan. Isinasaalangalang ng mabubuting tao ang ibang tao. Hindi nila iisipin kung ano ang mas mabuti para sa sarili nila. Hahanap sila ng paraan para mapanatag ang kalooban ng ibang tao at magiging dahilan sila para maluwalhati ang Diyos.

T

"Gaano kabuti ang paglilingkod ko sa mga nakakataas sa akin batay sa sistema ng kaayusan?"

May mga hindi naglilingkod sa mga nakakataas sa kanila (mga boss) ng maayos at hindi sumusunod sa loob ng sistema. Gayon pa man, kung hindi naglilingkod ng maayos ang mga nasa mas mababang posisyon (mga tauhan), hindi sila mapapalagay, sinasabi nila, 'binabalewala ng mga ito ang pagkakaayos ng mga bagay-bagay'! Dahil mayabang ang mga taong ito, hindi sila kumportable sa mga taong hindi naglilingkod sa paraang gusto nila.

Sabihin nating may proyektong isinasagawa sa opisina ninyo. Nagreport ang isang empleyadong tauhan ninyo sa taong mas mataas ang posisyon kaysa sa inyo nang hindi man lang binanggit sa inyo. Hindi kayo kumportable dito, iisipin ninyo, 'Bakit hindi niya sinabi sa akin ito? Bakit hindi niya tinanong ang opinyon ko?' Pero ang mga taong may ganitong pag-iisip ay hindi rin sumusunod sa sistema ng kaayusan. Kapag inutusan sila ng mga taong mas mataas ang posisyon at ayaw nilang gawin iyon, nagrereklamo sila at nagagalit. Kung anu-ano ang pumapasok sa isipan nila.

Bawat organisasyon o grupo ay mayroong sistema ng kaayusan, at bawat isa ay mayroong trabahong dapat gawin. Gayon pa man, maaaring mayroong magkakaibang situwasyon: una – dapat na lang nilang intindihin at protektahan ang mga tauhan nila; at pangalawa – kailangan nilang itama ang mga mali nito nang may pag-unawa para masunod ang kaayusan sa trabaho. Ibig sabihin, hindi palaging kabutihang espirituwal ang pag-unawa at pagtanggap sa mga tauhang lumalabag sa sistema ng kaayusan.

Ano ang dapat nating gawin para intindihin ang mga pangyayaring ganito sa katotohanan at piliin kung ano ang palaging nakakalugod sa Diyos? Dapat nating tanggalin ang paghahangad na mangibabaw sa ibang tao, maging pinuno, paglingkuran, kilalanin at iwaksi ang kayabangan. Pagkatapos, makikita natin ang mga dapat unawain at tulungan ang mga tauhan na may pagkukulang. Dapat natin silang gabayan at sanayin para mapanatili ang sistema ng kaayusan. At makikita natin nang may katalinuhan kung susunod tayo sa nakakataas sa atin; papakinggan ang mga opinyon ng mga tauhan natin; at imumungkahi ang mga opinyong ito sa nakakataas.

# "Gumaling ako mula sa hepatitis C dahil sa panalanging may panyo"

**Pastor Tariq Mashi (CCCI Church, Pakistan)**

Pastor ako ng isang iglesya sa Karachi na pag-aari ng CCCI (Christ's Commission Church International) sa Pakistan.

Mula Abril 5-15, 2013, nagdaos ang CCCI ng seminar para sa mga pastor at krusadang may mahimalang pagpapagaling dito sa Pakistan. Pinangunahan ito ni Pastor Taesik Gil na nagmiministeryo sa Daejon Manmin Church ng United Holiness Church of Jesus Christ sa Korea.

Sa loob ng 11 taon, nakapagdaos na si Pastor Gil ng maraming seminar at krusada, nanalangin para sa mga maysakit gamit ang panyong makapangyarihan na pinanalanginan ni Dr. Jaerock Lee (Ang Mga Gawa 19:11-12), at pinangunahan ang mga tao para gumaling sa mga karamdaman nila sa pamamagitan ng panalangin. Dahil dito, hindi mabilang na mga tao ang nadala niya sa Panginoon. Kilalang-kilala siya sa Pakistan.

Sa biyaheng ito para sa misyon, nangaral si Pastor Gil sa seminar para sa mga pastor at krusadang may mahimalang pagpapagaling sa Lahore, Sheikhupura, Multan, at Karachi. Nagkaroon ng paggising ng mga espiritu at maraming banal na paggaling. Dahil dito naluwalhati ang Diyos.

Dati, napakahina ng katawan ko, hindi ako makatagal na nakatayo kahit 30 minuto lang. Pero ipinagkatiwala sa akin ni Gng. Primrose Samson, Tagapangulo ng CCCI sa Karachi ang pagpapaanunsyo at pamamahala ng preparasyon ng Morning United Crusade para sa mga iglesya sa Karachi. Gusto niyang gumaling ako sa karamdaman ko para maluwalhati ang Diyos at ipakita ang pananampalataya ko na ikalulugod ng Diyos.



Pastor Tariq Mashi (kaliwa) at ang pamilya niya

Sa simula pa lang ng 2013, madalas na akong lagnatin at masakit ang buong katawan ko. Noong Marso 7, 2013, nasuring mayroon akong hepatitis C. Sinabi sa akin sa ospital na kailangang magpainiksyon ako bawat ikalawang araw sa loob ng walong buwan. Pagkatapos nito, naramdaman ko ang epekto ng iniksyon, napakahirap. Mataas ang lagnat ko, ni hindi ako makatayo mula sa kama, at masakit ang buong katawan ko. Mabigat din ang pakiramdam ng dibdib ko, parang may nakadagan. Nang tumagal ang ganitong pakiramdam sa loob ng isang buwan, hindi ko na natiis ang sakit.

Noong Abril 8, maguumaga, tinawagan ko si Gng. Samson. Sinabi ko sa kanya na gusto ko nang itigil ang pagpapainiksyon at magpagaling na lang sa pamamagitan ng pananampalataya. Pinalakas niya ang kalooban ko at nanalangin. Pumayag din ang pamilya ko sa desisyon ko. Pagkatapos, ipinangako niya sa akin na siya na ang magsasaayos ng krusada na idadaos sa umaga, tinulungan niya akong tanggapin ang kasagutan habang nagtatapat ako.

Noong gabi ng Abril 11, ako, ang pamilya ko, at mga miyembro ng iglesya, ay pumunta sa Jinnah International Airport, Karachi para salubungin si Pastor Gil. Siya ang inanyayahang tagapagsalita sa seminar para sa mga pastor at sa krusadang may mahimalang pagpapagaling. Noong panahong iyon, wala akong lakas, hindi ko mabuhat ang mga bagahe niya.

Noong ika-1 ng umaga, Abril 12, 2013, kinausap ni Gng. Primrose Samson si Pastor Gil tungkol sa sakit kong hepatitis C. Ipinanalangin niya ako habang nakapatong sa ulo ko ang makapangyarihang panyo.

Pagkatapos, may nangyaring nakakabigla! Umuwi ako at nakatulog ng mahimbing. Paggising ko, mabuti ang pakiramdam ko at nawala na ang lahat ng masasakit. Mabilis pa nga ang pag-akyat ko sa hagdanan. Hallelujah!

Noong Abril 14, 2013, Linggo, idinaos ang krusada sa umaga para sa mga iglesya sa Karachi na pinamahalaan ng CCCI sa Baptist Bible Church na pinagpapastoran ni Pastor Khurram Gill. Nangaral si Pastor Taesik Gil sa napakaraming tao. Napuno ng tao ang buong santuwaryo hanggang sa labas. Marami ang nagsi-uwi dahil wala ng lugar para sa kanila.

Pagkatapos niyang mangaral, idinalangin niya ang mga maysakit mula sa entablado. Maraming gumaling, tumanggap ng kasagutan, at nagbigay ng luwalhati sa Diyos. Tinanggap ko rin ang panalangin nang may pananampalataya kaya mas lalo akong naging malusog. Inihatid namin si Pastor Gil sa airport, pauwi na siya sa Pakistan. Nagpasalamat kami.

Ngayon, gumaling na rin ang anemia ko na sanhi ng hepatitis C. Maayos na uli ang mukha ko. Nakakakain na ako at naging malusog na. Masaya kong ginagampanan ang ministeryo ko. Nagpapasalamat at niluluwalhati ko ang Diyos na nagpagaling at nagbigay ng biyaya sa akin.

# "Umaapaw ang mga biyaya nang iwaksi ko ang makamundong mga bagay na walang pakinabang, sa Panginoon na ako umaasa"



**Kap. Seongje Shin (ika-12 baitang)**

Noong nasa ika-7 baitang pa lang ako, naging magaling na 'wrestler' ako, ibang klase ang talento ko sa larangang ito, kaya naging sikat ako. Tumanggap din ako ng maraming parangal mula sa *Seoul Wrestling Competition at National Wrestling Contest*. Masipag akong magsimba noong panahong iyon, pero napabarkada ako at nakahiligan ang mga makamundong bagay. Lumayo ako sa buhay Cristiano at sa pag-aaral.

Noong Marso 2010, pumasok ako sa high school. Nabahala ako dahil nanibago ako sa kapaligiran at kalakaran dito. Mas mahigpit dito kaysa sa elementarya. At hindi ako sanay mamuhay sa dormitoryo. Dahil dito, nagpaalam ako na liliban muna sa loob ng tatlong buwan kahit kakabukas pa lang ng klase. Noong Hulyo 2013, dumalo ako sa maliit na krusadang may mahimalang pagpapagaling na isinagawa ni Dr. Jaerock Lee para sa mga estudyante pagkatapos ng pagsamba sa Linggo ng gabi.

Hinimuk niya ang mga estudyante na huwag magpadungis sa mundong puno ng kasalanan at kasamaan, sa halip, ibigin ang Diyos, lumaki ng dalisay, magsulong ng masipag na buhay Cristiano at mag-aral ng mabuti. At maalab niyang sinabi na mayroong Langit at Impiyerno, kaya hindi dapat gumawa ng kahit na anong bagay na magdadala sa atin sa Impiyerno.

Nabagbag ang damdamin ko sa mga sinabi niya. Naisip ko, "Hindi na dapat akong mamuhay ng ganitong buhay." Nagdesisyon akong magbago. Pagkatapos, inayawan ko na ang buhay sa dormitoryo na puno ng inuman, pagsisigarilyo, at paglalaro. Hindi na ako nakipagkita sa nobya ko. Itinuon ko ang mga mata ko sa Panginoon. Para maiwasan ko na ang dormitoryo, binago ko ang hilig ko, pinalitan ko ito ng judo.

Noong Marso 2011, lumipat ako sa Deokil Electronic Engineering High School na mayroong sariling Judo Team. Magmula noon, naging masipag ako sa pag-eensayo, pag-aaral, at pagsulong ng maayos na buhay Cristiano. Sa ika-10 baitang, naging first honor ako, binigyan ako ng scholarship dahil dito. Mahirap para sa akin ang judo dahil nasanay ang katawan ko sa wrestling. Pero nagsanay akong mabuti at sinikap na maging mapasensya.

Noong Marso 2013, sa wakas ay nanalo ako sa mga manlalarong nasa kategoryang 77kg sa ika-29 Seoul Judo Association Presidential Competition at naihalal na presidente ng eskwelahan. Noong Mayo 2013, ginawaran ako ng scholarship dahil sa mabuting asal ng opisina ng abogado ng distrito ng katimugang bahagi ng Seoul. Sa Diyos ang lahat ng luwalhati.

Nagpapasalamat ako sa Panginoon na nagbigay ng biyaya sa akin para mabuhay sa Liwanag bilang anak ng Diyos.


## Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas

**Manila Manmin Holiness Church**
441 Patato St, J-Figueras Sampaloc, Manila, Pilipinas
Pastor Peter Bae
Pastor Lucy Lee
2-735-1423

**Bataan Manmin Holiness Church**
067 Daang Bago, Dinalupihan, Bataan, Pilipinas
Pastor Peter Bae
0910-262-5465

**Isabela Manmin Holiness Church**
Purok 3, Brgy, San Roque, San Mateo, Isabela, Pilipinas
Pastor Peter Bae
Pastor Lucy Lee
0905-649-1120

**Cavite Manmin Holiness Church**
5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant), Santiago Gen.Trias, Cavite, Pilipinas
Pastor Sharon Cho
046-850-3193 /
0916-674-3903 /
0905-319-8191

**Imus Manmin Holiness Church**
Blue Bell St. Plaridel III Sub. Bayan Luma 7, Imus Cavite, Pilipinas
Pastor Jubeom Kim
0927-311-7633

**Cebu Manmin Holiness Church**
LOT N. 402 - B-4
Looc Along Side The Canjulao Road, Lapu-Lapu City Cebu, Pilipinas
Pastor Rossetta Sung
0921-635-7595

**Davao Manmin Holiness Church**
301 Ilang Ilang St. Flores Village, Bangkal, Davao City, Pilipinas
Pastor Kathryn Kim
0908-635-2714